1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| **MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | **Makabansa** |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | **1** |

| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipamamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata | | | |
| *D. Mga Layunin* | Maipamamalas ang pagsunod sa alituntunin sa pamamagitan ng pagsunod sa iba't ibang lokomotor at manipulative skills.<br>1.6 Mapauunlad ang aking kakayahan. | Matutukoy ang iba't ibang karapatan at tungkulin ng bawat bata sa pamamagitan ng isang laro.<br>1.7 Mabibigyan ng pagkakataong makapaglaro at makapaglibang. | Maipamamalas ang pagsunod sa alituntunin sa pamamagitan ng pagsunod sa iba't ibang lokomotor at manipulative skills.<br>1.8 Mabibigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib at karahasan.<br>1.9 Maipagtatanggol at matutulungan ng pamahalaan. | Matutukoy ang iba't ibang karapatan at tungkulin ng bawat bata sa pamamagitan ng isang laro.<br>1.10 Makapagpapahayag ng sariling pananaw. |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| II. NILALAMAN/PAKSA | Ang Bawat Tao ay Natatangi | Ang Bawat Tao ay Natatangi | Ang Bawat Tao ay Natatangi | Ang Bawat Tao ay Natatangi |
|---|---|---|---|---|
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan -Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral | | | |
| B. *Iba pang Kagamitan* | bola, bidyo | bola, bidyo | larawan para sa puzzle, bidyo | bidyo |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Sasabihin ng guro: "Bawat tao ay may karapatan at isa dito ay ang pagkakaroon ng natatanging kakayahan.<br>Panoorin natin ang bidyo na ito at tukuyin ang ilang mga halimbawa ng mga natatanging kakayahan."<br>"Natatanging Kakayahan Song/ Kakayahan Mo, Ipakita Mo! /ESP<br>Educational Videos<br>/MiCath TV<br>https://www.youtube.com /watch?v=daKs6e8ENmM<br>● Ano-anong kakayahan ang ipinakita sa bidyo? | 1. Balik-Aral:<br>(Pass the Ball Game)<br>● Ipapasa ng mga bata ang bola habang tumutugtog.<br>Paghinto ng tugtog, sasagutin nila ang tanong na: "Ano ang iyong kakayahan at paano mo ito mapauunlad?"<br>2. Magpapakita ang guro ng video, Pag-awit ng (I AM BUT A SMALL VOICE) AKO'Y MUNTING TINIG.<br>Ituro sa mga bata. Sundin ang paraan ng pagtuturo ng kanta sa bata.<br>AKOY MUNTING TINIG, MAY MUNTING PANGARAP<br>SAMYO NG BULAKLAK SA HANGING MALINIS | 1. Balik-aral:<br>(Picture Puzzle)<br>● Bubuoin ng bawat grupo ang larawang nagpapakita ng karapatan.<br>Ipakikita ito sa klase at ipapaliwanag ang karapatang ipinapakita nito.<br>(Karapatan 1 hanggang karapatan 7) | 1. Ipapakita ng guro ang bidyo, **"Basic Orientation on Child Protection – Part 1:**<br>**Sino ba ang Bata?**<br>https://www.youtube.co m/w atch?v=S9Ei-nlu25s<br>● Maaaring sabayan ng guro at mga bata ang awitin.<br>● Ano-anong karapatan ang nabanggit sa video?<br>● Bakit mahalaga itong matutuhan? |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● Paano ipinakita ng mga bata ang kanilang kakayahan o talento? | MAY NGITI SA ARAW, AT KUNG UMUULA'Y<br><br>MAKAPAGTAMPISAW, MALAYANG DAIGDIG<br><br>NG KAWALANG MALAY.<br><br>I AM BUT A SMALL VOICE<br><br>I AM BUT A SMALL DREAM<br><br>THE FRAGRANCE OF A FLOWER IN THE UNPOLLUTED AIR,<br><br>I AM BUT A SMALL VOICE<br><br>I AM BUT A SMALL DREAM<br><br>TO SMILE UPON THE SUN<br><br>BE FREE TO DANCE AND SING<br><br>BE FREE TO SING MY SONG TO EVERYONE<br><br>COME YOUNG CITIZENS OF THE WORLD<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE ARE ONE<br><br>COME YOUNG CITIZENS OF THE WORLD<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE HAVE ONE HOPE | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | WE HAVE ONE DREAM<br><br>AND WITH ONE VOICE WE SING, WE SING<br><br>PEACE, PROSPERITY, AND LOVE FOR ALL MANKIND, PEACE PROSPERITY AND LOVE FOR ALL MANKIND.<br><br>I AM BUT A SMALL VOICE<br><br>I AM BUT A SMALL DREAM<br><br>TO SMILE UPON THE SUN<br><br>BE FREE TO DANCE AND SING<br><br>BE FREE TO SING MY SONG TO EVERYONE<br><br>COME YOUNG CITIZENS OF THE WORLD<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE ARE ONE<br><br>COME YOUNG CITIZENS OF THE WORLD<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE ARE ONE<br><br>WE HAVE ONE HOPE<br><br>WE HAVE ONE DREAM<br><br>AND WITH ONE VOICE WE SING, WE SING | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | PEACE, PROSPERITY, AND LOVE FOR ALL MANKIND, PEACE PROSPERITY AND LOVE FOR ALL MANKIND. | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>● Karapatan 6<br>(Mapaunlad ang aking kakayahan) | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>● Karapatan 7<br>(Mabigyan ng pagkakataong makapaglaro at makapaglibang) | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>● Karapatan 8 at 9<br>(Mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib, at karahasan at; maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan) | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>● Karapatan 10<br>(Makapagpahayag ng sariling pananaw) |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | 1. Ipakikilala ng guro ang sumusunod na salita:<br>*kakayahan*<br>*talento locomotor*<br>*manipulative skills*<br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap, aksyon, at halimbawa. | 1.Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>*Tamad*<br>*utos*<br>*tungkulin*<br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | 1. Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>*proteksyon*<br>*pang-aabuso*<br>*panganib*<br>*karahasan*<br>*maipagtanggol*<br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap at pagbibigay ng halimbawa. | 1.Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>*pananaw*<br>*epekto*<br>*maipahayag*<br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap at pagbibigay ng halimbawa. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Mahusay niyang nasasalo, napapasa at nadidribol ang bola.<br><br>Tuwang-tuwa sa kaniya ang tagapagsanay na si Sir Tol dahil nakita niya ang pag-unlad ni Pol sa larong basketbol.<br><br>Bukod pa roon, palagi niyang sinusunod ang mga alituntuning ibinibigay sa kanila.<br><br>Kaya naman, napili siya ni Sir Tol na sumali sa grupo.<br><br>● Anong talento o kakayahan ang ipinakita ni Pol?<br><br>● Paano siya naging mahusay rito?<br><br>● Bakit napili siya ni Sir Tol? | Ipakikita ng guro ang bidyo, **"Ang Batang Tamad/Kwentong Pambata/Hiraya TV"**<br><br>https://www.youtube.com/ watc h?v=GLhPpL80-sM&t=182s<br><br>● Sino ang bata sa kuwento?<br><br>● Ano ang gusto niyang gawin?<br><br>● Sumusunod ba siya sa utos ng kaniyang ina?<br><br>● Tama ba ang kaniyang ginagawa?<br><br>● Nagagampanan pa ba niya ang kaniyang mga tungkulin sa bahay?<br><br>● Nais ninyo ba siyang tularan? Bakit? | 1. Ipapakita ng guro ang bidyo**, "Basic Orientation on Child Protection Part 2: Ano ang Child Abuse at Abusong Pananakit?**<br><br>**(subbed)**<br><br>https://www.youtube.com/ watc h?v=IxgyyzVblM4<br><br>● Tungkol saan ang video?<br><br>● Ano ang natutuhan ninyo rito? | ● Sa ipinakitang bidyo kanina, nabanggit doon na isa sa ating karapatan ay:<br><br>"Makilahok, makisali sa desisyon na sa atin may epekto at ipahayag ang sariling pananaw."<br><br>(Ipapaskil ito ng guro sa pisara.)<br><br>● Naranasan ninyo na ba ito sa inyong tahanan o komunidad?<br><br>● Tinatanong ba kayo ng inyong mga magulang ukol sa mga desisyon nila para sa inyo? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | ● Nagpapakita ba ng kilos lokomotor ang paglalaro ng basketbol?<br><br>● Ano-anong manipulative skills ang nabanggit sa paglalaro ng basketbol? | ● Tama ba ang sobrang paglalaro?<br><br>● Ano kaya ang maaaring maidulot nito sa inyo? | ● Ano ang dapat gawin kung kayo ay nakararanas ng pang-aabuso, panganib, at karahasan?<br><br>● Sino ang dapat ninyong puntahan sa oras ng pang-aabuso, panganib, at | ● Mahalaga bang masabi ninyo ang inyong pananaw o opinion? Bakit? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (pagsalo, pagpasa, at pagdribol ng bola) | | karahasan?<br>● Dapat ba itong itago?<br>● Dapat ba kayong matakot? | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | ● Isa sa ating karapatan ay mapaunlad ang ating sariling kakayahan.<br>● Mahalagang malaman natin ang ating mga karapatan. | • Hindi sa lahat ng oras ang paglalaro dahil may iba pa tayong tungkulin o pananagutan sa ating tahanan.<br>● Dapat din nating ingatan ang mga laruan at kagamitang ipinagkaloob sa atin. | ● Ipapakita ng guro ang bidyo**, "Basic Orientation on Child- Part 7:**<br>**Iwasan at Labanan ang Abuso (subbed)**<br>https://www.youtube.com/watch?v=Y4p1q5NXjow<br>• Isa sa ating karapatan ay mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib, at karahasan.<br>● Karapatan din natin na maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan.<br>● Huwag matakot na ipagbigay alam ang karahasang ating nararanasan at nasasaksihan upang tayo ay matulungan.<br>● Maaari itong ipagbigay alam sa pamilya, guro, kaibigan, pulis, at pamahalaan. | ● Isa sa ating karapatan ay makapagpahayag ng sariling pananaw o opinyon.<br>● Mahalaga ito upang malaman ng iba ang ating kaalaman, kagustuhan, at maibahagi sa iba ang ating naiisip.<br>● Dapat na sabihin ito sa maayos at malumanay na paraan.<br>● Makinig din nang mabuti sa sinasabi ng kausap. |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | ● Ano-ano ang inyong kakayahan?<br>● Paano ninyo ito mapauunlad?<br>● Paano ninyo mapasasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa inyo ng talento o kakayahan? Ano ang inyong nararamdaman sa tuwing ipinapakita ninyo ang inyong kakayahan?<br>RESPECT<br>● Paano ninyo maipapakita ang paggalang sa kakayahan ng ibang tao? | ● Ano ang paborito ninyong laro?<br>● Sinusunod ba ninyo ang mga alituntunin sa inyong laro?<br>● Mahalaga bang malaman ninyo ang inyong karapatan at tungkulin? Bakit?<br>Paano ninyo maipakikita ang pagpapahalaga rito?<br>RESPECT:<br>Ano ang inyong gagawin kapag natalo kayo sa laro? | ● Mahalaga bang malaman natin ang lahat ng ating karapatan?<br>● Tinatamasa mo ba ang iyong karapatan sa ating komunidad?<br>RESPECT:<br>Ano ang iyong gagawin sa taong nakakaranas ng pang-aabuso, panganib, at karahasan?<br>Paano ninyo sila matutulungan? | ● Mahalaga bang malaman natin ang lahat ng ating karapatan? Bakit?<br>RESPECT:<br>Paano mapahahalagahan ang pananaw o opinyon ng iba? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | ● Gagawa ng malaking bilog ang mga bata.<br>● Pupunta sa gitna ng bilog ang guro.<br>● Ipapasa niya ang bola sa mga bata.<br>● Pagkatapos ay tatanungin ang batang nakasalo ng bola.<br>Tanong:<br>“Ano ang iyong kakayahan? Paano mo | 1. Larong Lahi<br>Pipili ang mga bata at guro ng laro. (patintero, piko, luksong lubid,<br>tiyakad).<br>● Magbibigay ng mga alituntunin at pamantayan ang guro bago maglaro.<br>● Maglalaro ang mga bata at guro.<br>*Maaaring itanong ng | Lagyan ng tsek ( / ) kung tama ang ipinapahayag ng pangungusap at ekis ( X ) kung mali.<br>1. Sabihin sa guro kung ikaw ay labis na inaaway ng iyong kaklase.<br>2. Tulungan ang kalaro na binubugbog ng kalalakihan.<br>3. Huwag magtiwala sa hindi kakilala.<br>4. Magpaalam sa | Bilugan ang thumbs up kung ikaw ay sang-ayon sa pahayag at thumbs down kung hindi.<br>1. Malumanay na sinasabi ni Roy ang kaniyang pananaw o opinyon sa kaniyang nanay.<br>2. Iniiwasan ni Rizza na magtaas ng boses kapag |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ito mapauunlad?"<br>● Gagawin ito hanggang sa matawag lahat ng mga bata. | guro ang mga sumusunod matapos ang laro:<br>1. Ano ang naramdaman ninyo pagkatapos manalo o matalo sa larong napili?<br>2. Ano ang naging reaksyon ninyo sa pagkatalo o pagkapanalo?<br>3. Bakit mahalaga na sumunod sa mga alituntunin at pamantayan habang naglalaro?<br>4. Anong pag-uugali ang iyong natutuhan sa pakikipaglaro sa inyong mga kaklase? | matatanda kapag aalis ng bahay.<br>5. Tanggapin ang kending binibigay ng hindi mo kilala. | nakikipag usap sa kaniyang mga kalaro.<br>3. Sinisigawan ni Mila si Linda dahil hindi ito sang-ayon sa kaniyang sinasabi.<br>4. Hindi nakikinig si Mang Tomas sa sinasabi ng kaniyang anak.<br>5. Hindi nagsasalita si Lito kung hinihingian ng opinion ng kaniyang guro. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Kopyahin sa iyong kuwaderno ang karapatang iyong natutuhan ngayon. Basahin ito sa bahay. | Kopyahin sa iyong kuwaderno ang karapatang iyong natutuhan ngayon.<br>Basahin ito sa bahay. | Kopyahin sa iyong kuwaderno ang karapatang iyong natutunan ngayon.<br>Basahin ito sa bahay. | Ipakita ang bidyo, "Basic Orientation on Child Protection- Part 10: Ang Bata ay Mahalaga<br>(subbed)<br>https://www.youtube.co m/w<br>atch?v=fMdR5kupE5I<br>● Ipaawit ito sa mga bata. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph